

*"Mapapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos."
(Mateo 5:9)*

* * *

Sa pagbabayad ni Cristo ay nagawang makamit ng tao ang kapayapaan sa harap ng Diyos.

Pagkatapos ng Ikalawang Pandaigdigang Digmaan itinataga ang United Nations upang maitaguyod ang kapayapaan sa buong mundo. Ngunit mula pa ng maumpisahan ito noong taong 1945 wala pa ni kahit isang araw na may pandaigdigang kapayapaan. Iyan ay isang malungkot na komentaryo ng kawalan ng kakayahan ng tao na maisagawa ang kapayapaan. Sa katunayan, may nagbiro nga na sa Washington D.C., may napakaraming bantayog ng kapayapaan dahil nagtatayo sila ng isa pagkatapos ng bawat digmaan!

Hindi naman naging laging ganyan ang kalagayan. Bago pa ang pagkabagsak ng tao, naghahari ang kapayapaan sa lupa saagkat ang lahat ng sangnilikha ay may ganap na pagkakaisa sa kanilang Manlilikha. Ngunit nahinto ng kasalanan ang kapayapaan sa pamamagitan ng pagpapalayo ng tao mula sa Diyos at magsama ng isang sumpa sa lupa. Hindi kayang makakilala ng kapayapaan ang tao sapagkat wala siyang kapayapaan sa kanyang puso. Kaya naman naparito si Jesus upang mamatay.

May kuwento tungkol sa isang mag-asawa sa isang paglilitis ng paghihiwalay na ang kanilang sigalot ay hindi na kayang lutasin. May isa silang anak na lalaki na apat na taong gulang na nahahapis at maluha-luha sa nangyayari. Habang ang mag-asawa'y nagtatalo, inabot ng bata ang kamay ng kanyang ama at ng kanyang ina at hinatak hanggang pag-isahin niya ang mga ito.

Sa isang dako iyan nga ginawa ni Cristo. Inihanda Niya ang katuwiran na magpapahintulot sa tao at Diyos na magkaisa ng mga kamay. Sinasabi ng Roma 5:1 na yaong *"inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya... [ay] mayroong.. Kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo."* Sinasabi ng Colosas 1:20 na pinagkasundo ng Diyos ang lahat ng mga bagay sa Kanyang sarili sa pamamagitan ng dugo ng sakripisyo ni Cristo sa krus.

Gayunpaman sa panlabas nito, ang tagpo ng krus ay hindi mapayapa ni minsan. Sakit, dalamhati, kahihyan, pagkapoot, panunuya, kadiliman, at kamatayan ay malaganap sa pagpapahirap. Ngunit sa lahat ng ito ginagawa ni Cristo ang gawaing siya lamang ang makagagawa: pinagkakasundo ang tao at Diyos. Binayaran Niya ang sukdulang halaga upang maibigay sa atin ang mamahaling kaloob na yaon.

Sa hinaharap magbabalik si Jesus bilang Prinsipe ng Kapayapaan upang itatag ang isang Kaharian na maghahatid sa atin sa isang walang hanggang panahon ng kapayapaan. Samantala maghahari Siya sa puso ng lahat ng mga umiibig sa Kanya. Hayaan ninyong pagharian kayo ng Kanyang kapayapaan sa inyong puso ngayon!

* * *

Mga Suhestiyon para Ipanalangin: Pasalamatan ang Diyos para sa kapayapaan ng puso nang dahil sa pagkakilala kay Cristo.

Para sa Dagdag na Pag-aaral: Basahin ang Filipos 4:6-9. Ano ang dapat gawin ng isang tao upang makilala niya ang kapayapaan ng Diyos?